

ABISO SA KALUSUGAN, SPARE THE AIR ALERT

PARA SA AGARANG RELEASE: Oktubre 12, 2017

MAKIPAG-UGNAYAN SA: Media Office - 415.749.4900

Nalalapat sa kabuuan ng weekend ang Abiso sa Kalusugan at mga Spare the Air Alert

Air District, naghahatid ng 20,000 N95 mask sa mga apektadong county

SAN FRANCISCO – Patuloy na mapanganib para sa kalusugan ang kalidad ng hangin sa Bay Area, lalo na sa mga county ng Napa, Sonoma, at Solano na naapektuhan ng sunog. Kahit sa labas ng mga lugar kung saan nagpapatuloy ang sunog, labis pa ring naapektuhan ng usok ang kalidad ng hangin at hindi pa rin ito nagiging stable. Dahil sa mga nagpapatuloy na wildfire at pabagu-bagong direksyon ng hangin, maaaring maapektuhan ang kalidad ng hangin hanggang sa mga susunod pang araw.

Ang mga taong kailangang manatili sa mga lugar na may makapal na usok ay dapat gumamit ng N95 mask sa minimum upang makatulong sa pag-iwas na makalanghap ng maliliit na particle. Maghahatid ang Air District ng 20,000 N95 mask sa mga county na nasa mga lugar na apektado ng sunog. Naihatid na o kaya ay ihahatid na sa mga county ng Sonoma, Napa, Solano, at Marin ang mga mask at ipapamahagi ang mga ito sa mga lokasyon gaya ng mga evacuation center.

Kapag ginamit nang tama, makakatulong ang mga N95 mask sa pagsala ng maliliit na particle mula sa usok ng wildfire. Dapat basahin at sunding mabuti ng mga gagamit ang mga direksyon ng manufacturer kapag gumagamit ng N95 mask upang mapakinabangan ito nang husto.

Mahalagang protektahan ng mga residente ng Bay Area ang kanilang kalusugan, lalo na sa mga county ng Napa, Sonoma, at Solano. Kung posible, inirerekomenda sa **mga residenteng apektado ng makapal na usok na pumunta sa mga gusaling may filtered na hangin, gaya ng mga pampublikong aklatan at shopping mall O KAYA ay lumipat sa mga lugar sa labas ng rehiyon na hindi gaanong naapektuhan ng usok mula sa wildfire hangga't hindi humuhupa ang kapal ng usok.**

Sa ibang bahagi ng Bay Area, dapat protektahan ng mga residente ang mga sarili nila mula sa mga epekto ng makapal na usok. Kung may makikita o maaamoy ang mga residente na usok sa kanilang paligid, dapat silang manatili sa loob, at kung maaari, nakasara dapat ang mga bintana at pintuan at naka-recirculate ang mga air conditioning unit upang maiwasang pumasok sa mga gusali ang hangin mula sa labas. Pinakaapektado ang mga bata, matatanda, at ang mga taong may karamdaman sa бага gaya ng hika, COPD, emphysema, at sakit sa puso.

Inirerekomenda sa mga magulang at administrador ng paaralan na tumingin muna ng mga reading tungkol sa kalidad ng hangin bago payagang lumabas ang mga bata hangga't hindi pa maganda sa kalusugan ang kalidad ng hangin. Tingnan ito para sa mga real-time na reading tungkol sa kalidad ng hangin <https://go.usa.gov/xnxb>.

Para sa impormasyon tungkol sa ligtas na pag-aalis ng abo, bisitahin ang:

<https://www.arb.ca.gov/carpa/toolkit/emerg-response/safe-cleanup-fire-ash.pdf>.

Dahil sa malalang kundisyon ng kalidad ng hangin sa ilang bahagi ng Bay Area, pinapakiusapan namin ang mga residenteng huwag nang magdagdag pa ng polusyon sa hangin sa pamamagitan ng

pagbawas sa mga aktibidad na nakakarumi ng hangin, gaya ng pagsisindi ng panggatong, paggamit ng lawn mower at leaf blower, pagmamaneho, at pag-iihaw.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensyang nangangasiwa sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###